Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-40 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 06 NOBYEMBRE 2000, 9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Present:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr. - Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Bulocs
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadlo : N O N E

KAPASYAHAN BLG. 110
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG PASASALAMAT SA TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA PINAMUMUNUAN NI SENIOR INSPECTOR CHRISTOPHER R. DELA CRUZ AT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG BARANGAY PACLASAN SA PAMUMUNO NI PUNONG BARANGAY LARRY V. SALAZAR SA KANILANG PAGTUTULUNGAN UPANG MAGING MAAYOS ANG PAGGUNITA NG NAKARAANG ARAW NG MGA PATAY.

SAPAGKA'T ang araw ng mga patay ay isang okasyong sa kulturang Pilipino ay ginugunita taun-taon bilang pag-aalaala sa mga yumao;

SAPAGKA'T sa ganitong araw, ang pagdagsa ng mga tao at mga sasakyan sa pampublikong libingan ay inaasahan na kadalasan ay nagiging dahilan ng pagsisikip ng trapiko at nagbubunga ng iba pang kaguluhan;

SAPAGKA'T nitong nakaraang Nobyembre 1, 2000, naging kapansin-pansin ang maayos na pagmamantina ng pulisya at opisyal ng Barangay Paclasan sa daloy ng mga sasakyan at mga tao sa pampublikong libingan kung saan sa buong maghapon ay siniguro nila ang kaligtasan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang ganitong mahusay na paglilingkod sa publiko ay nararapat lamang na bigyang-pansin at pasalamatan at magsisilbing magandang halimbawa sa iba pang naglilingkuran sa pamahalaan

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na pinangalawahan ng lahat

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang pasasalamat sa Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro sa pamumuno ni Senior Inspector Christopher R. Dela Cruz at sa Pamunuan ng Sangguniang Barangay ng Paclasan sa pamumuno ni Punong Barangay Larry V. Salazar sa kanilang pakikipagtulungan upang maging maayos ang paggunita ng nakaraang araw ng mga patay sa bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Senior Inspector Christopher R. Dela Cruz, Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro at sa Sangguniang Barangay ng Paclasan sa pamumuno ni Punong Barangay Larry V. Salazar para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

PINAGTIBAY ng lahat : 06 Nobyembre 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/

RECEIVED BY:
PO1 [illegible]
11/10/2000 [illegible]

LARRY [illegible]
11/16/2000